De La Salle University
DASMARIÑAS

# LARAWAN NG KATATAGANG-LOOB NG PAMILYANG WALANG MAAYOS NA TIRAHAN SA MEHAN GARDEN

Isang Pananaliksik na Iniharap sa

Dalubhasaan ng Malalayang Sining at Komunikasyon

Kagawaran ng Sikolohiya

Pamantasang De La Salle-Dasmarinas

Bilang Bahagi ng Pagtupad

Sa Mga Pangangailangan sa Pagtatamo

Ng sa Titulong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

Furio, Solielyn F.

Tibayan, Pamela Katrina Magdalene F.

PSY45

Marso 2014

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay naglalarawan sa katatagang-loob ng mga pamilyang walang maayos na tirahan sa Mehan Garden. Kinapapalooban ang pag-aaral na ito ng walong pamilyang nakatira sa lansangan ng kamaynilaan partikular sa lugar na Mehan Garden.

Mula sa nakalap na mga datos, ang mga kalahok na pamilya ay nasa edad 23-45 taong gulang, ang mga magulang na nagsasama sa loob ng 5-20 na taon at naninirahan sa lansangan bilang mag-asawa sa loob ng 5-16 na taon. Karamihan sa mga kalahok na natagpuan ng mga mananaliksik ay sa lansangan na nagkakilala at bumuo ng pamilya. Para sa mga anak na kalahok na may edad 5-9 na taong gulang ay ginamitan ng pagsusulit sa pamamagitan ng pagguhit ng bahay, puno, at tao (HTP Test) upang malaman ang kanilang persepsyon tungkol sa tirahan.

Masasabi na karamihan sa mga kalahok na pamilyang nakatira sa lansangan ay mayroong maayos na kalagayan sa kabila ng pagtira sa lansangan dahil naroon ang *physiological* at *economic needs* ng bawat pamilya na mas pinili ng pamilya na manirahan sa lansangan upang makatipid sa mga gastusin sapagkat wala silang sapat na kita upang ipambayad sa maayos na tirahan, dahil sa lansangan nakita ang maaliwalas na pamumuhay sapagkat naroon ang kanilang pagkakakitaan. Para sa mga kalahok na batang anak, nagpakita na mataas na lebel nang kawalang-konteto sa kanilang bahay na tinitirahan sa kasalukuyan at pagkakaroon ng mataas na hangarin ngunit mababa ang lebel ng enerhiya, ito ay pinatunayan na lumabas batay sa resulta ng pagguhit ng bahay, puno at tao (HTP)

Lumutang na ang larawan ng katatagan ng mga pamilyang walang maayos na tirahan ay mayroong dalawang aspekto: ang pagkakaroon ng masaya at buong pamilya sa kabila ng hirap ng buhay sa lansangan at pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos. Ang katatagang-loob ng mga pamilyang ito ay nagmumula sa sariling pamilya. Napatatatag nito ang pamilya sa kabila ng kahirapang mamuhay sa lansangan at walang maayos na tirahan. Malaking tulong rin ang mga suliraning dumating sa bawat pamilya upang mas maging matatag at may takot sa Diyos. Ang pagkakaroon ng pananampalataya sa Poong Maykapal at pagiging relihiyoso ng indibidwal ay nakatutulong upang harapin ang mga pagsubok sa buhay at sama-sama na may tiwala sa Diyos, na ang bawat pamilya ay naniniwalang aahong muli sa hamon ng pang-araw-araw na buhay.

Masasabi na ang mga pamilyang walang maayos na tirahan sa Mehan Garden ay naglalarawan ng katatagang-loob upang makabangon sa hirap ng buhay sa lansangan nang may pagmamahalan sa pamilya at takot sa Diyos.

TALAAN NG NILALAMAN


KABANATA I

| | |
|---|---|
| Panimula | 4 |
| Konseptuwal na Balangkas | 8 |
| Paglalahad ng Suliranin | 9 |
| Saklaw at Delimitasyon | 10 |
| Kahalagahan ng Pag-aaral | 11 |
| Kahulugan ng ng mga Termino | 11 |

KABANATA II

| | |
|---|---|
| Katatagan ng Loob | 14 |
| Katatagan ng loob sa Konsepto ng mga Pilipino | 15 |
| Pamilyang Walang Maayos na Tirahan | 16 |
| Maralitang Tagalunsod | 17 |
| Pamilyang Walang Maayos na Tirahan sa Metro Manila | 20 |
| Pananampalataya ng Pamilyang Pilipino | 23 |
| Mga Proyektong Ginagawa ng Gobyerno | 24 |

KABANATA III

| | |
|---|---|
| Metodolohiya | 28 |
| Disenyo ng Pag-aaral | 28 |
| Kalahok | 29 |
| Instrumentasyon | 30 |
| Metodo | 31 |
| Mga Hakbangin sa Pananaliksik | 33 |
| Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos | 35 |

KABANATA IV

| | |
|---|---|
| Resulta at Diskusyon | 36 |

KABANATA V

Buod 57

Konklusyon 58

Rekomendasyon 59

TALAAN NG MGA REPERENSYA 61